

Mga Katanungan at Mga Kasagutan sa Bakuna

Ang dokumentong ito ay huling na-update noong ika-5 ng Mayo 2021 – kung nais mong i-print ito, pakiusap na bisitahin ng madalas ang website para makita kung may bersyon na ito ay napapanahon.

Mga detalye tungkol sa bakuna na ating gagamitin...

1. May higit sa isang uri ng bakuna – alin sa mga ito ang ibibigay?

Tayo ay makakatanggap ng bakuna mula sa Oxford-AstraZeneca na ibinuo ng Unibersidad ng Oxford at inaprubahan ng MHRA (Medicines and Healthcare products Regulatory Agency) noong ika-30 ng Disyembre 2020. Di tulad ng naunang bersiyon ng bakuna, hindi nito kinakailangang ilagay sa sobrang lamig na temperature na magpapadali sa paghahatid nito sa Falkland Islands at maitago ito dito.

2. Gaano kabisa ang bakunang ating gagamitin?

Ipinapakita ng pinakabagong datos na ang kabuuang bisa ng bakuna ay nasa 70.4 (%) na porsiyento, ngunit nabibilang dito ang mga pinagsama-samang tatlong magkakahiwalay na pagsubok sa bakuna gamit ang iba't ibang estratehiya sa dosis. Bilang pagpapahalaga, ang patuloy na pagsubok ng bakuna ay nagpapakita na ito ay isang pangunahing instrumento sa ating abilidad na malabanan ang pandemya.

Gayunpaman, kahit matapos mo nang matanggap ang iyong bakuna, kailangan mo pa ring sundin ang mga abiso sa pampublikong kalusugan para protektahan ang iyon sarili at ang ibang tao, dahil walang ganap na mabisang bakuna. Ang ibang tao ay maaari pa ring magkaroon ng Covid-19 kahit na sila ay nabakunahan, bagaman ang sakit na kanilang mararanasan ay hindi gaanong malala. Pinaka-epektibo ang bakuna, base sa mga klinikal na katibayan lalong lalo na sa pangmatagalang proteksiyon laban sa sakit, kung masundan ito ng pangalawang dosis ng bakuna.

3. Saang lugar pa ginagamit ang bakuna ng Astra Zeneca/Oxford? Tayo ba ang ginagamit sa eksperimento?

Hindi tayo ang ginagamit sa eksperimento; umorder na ang UK ng isang daang milyong dosis ng bakuna ng Oxford-AstraZeneca at ito ay kasalukuyang ginagamit na sa anim (6) na *hospital trusts* sa Inglatera. Ang ibang mga dosis ay ipinadala sa mga serbisyong pang-GP at mga *care homes* sa mga susunod na buwan.

4. Kailan makakatanggap ng bakuna ang Falkland Islands?

Kasunod ng kumpirmasyon mula sa Gobyerno ng UK, na naisakatuparan ang kasunduan sa *Vaccine Taskforce* ng UK na mag suplay sa lahat ng *British Overseas Territories* ng bakuna sa Covid-19, nakatanggap tayo ng paunang batch ng mga bakuna ng Oxford-AstraZeneca noong ika-1 ng Pebrero 2021, at ang huling batch ay dumating noong ika-26 ng Marso. Ibig sabihin lamang nito ay ganap nang nabakunahan ang karamihan sa ating populasyon ng may sapat na gulang.

5. Ilang dosis ang kailangan natin?

Mangangailangan ang isang tao ng dalawang dosis ng bakuna. Inaprubahan ng MHRA ang pagitan ng pagtanggap ng ikalawang dosis ng bakuna sa gitna ng dalawampu't walong (28) araw hanggang labingdalawang (12) linggo pagkatapos ng unang dosis ng bakuna, para maging ganap na nabakunahan. Tinitingnan namin ang pag-iskedyul ng pangalawang dosis ng bakuna sa tinatayang mga anim (6) na linggo pagkatapos ng unang dosis.

6. Saan ko mababasa ang impormasyon tungkol sa bakunang ito?

Maaari mong puntahan ang pahina sa website ng Gobyerno ng UK sa:

<https://www.gov.uk/government/publications/regulatory-approval-of-covid-19-vaccine-astrazeneca/information-for-uk-recipient-on-covid-19-vaccine-astrazeneca>

Mga alalahanin sa kalusugan at kaligtasan...

7. Nabalitaan ko na minadali ang pagsasagawa ng bakunang ito; paano ako magiging kumpanyansa na ang bakunang ito ay ligtas?

Totoo na ang lahat ng bakuna sa Covid-19 ay isinagawa sa loob ng wala pang isang taon, ngunit kahit na sa bilis na ito, hindi sila lumiban sa mga pamantayan ng pagsubok nito - sa halip, ang mga pamantayan ng pagsusuri o pagsubok nito ay nagsabay-sabay. Ang pagsusubok sa bakuna ay maaaring magambala dahil sa paghihintay sa pagpopondo nito, mga kagamitan, at mga permiso upang ito ay maaprubahan, ngunit dahil sa pandaigdigang epekto ng pandemya, isang malakihang suporta ang inilaan para sa mga pagsasagawa ng mga bakuna sa buong mundo. Ang bakuna ay nasasailalim pa rin sa mga kaparehong proseso ng pag-apruba kahit na ito ay ginagawa pa lang sa mas mahabang panahon.

8. Ano ang mga posibleng/maaaring pangalawang epekto o side effects?

Ang mga napabalitang mga pangalawang epekto o side effects ng bakuna ay pananakit / pamumula / pamamaga / panlalambot sa lugar ng pinagbakunahan. Ang ibang tao ay maaaring makaranas ng mahinang sintomas na may kahalintulad sa trankaso, na may kasamang lagnat, pagkapagod, pananakit ng ulo, pananakit ng kasu-kasuan o panlalamig ng katawan. Ang bakuna ng Oxford/AstraZeneca ay may kaunting dami ng sangkap kaya't ang pagkakaroon ng alerhiya ay kakaunti lamang, kahit na sa mga indibidwal na maaaring magkaroon ng reaksiyong alerhiya.

Kahit pagkatapos na mabakunahan, magkakaroon ng kinse (15) minutong panahon ng pag-oobserba upang masiguro na ang tao ay hindi nakakaranas ng malubhang pangalawang epekto o side effects. Ikaw ay makakaasang makabalik sa normal na mga aktibidad pagkatapos ng iyong bakuna, kahit na ang iyong braso ay namamaga ay mapapansin mong ikaw ay hirap sa pagbubuhay nito. Kung nararamdaman mong ikaw ay pagod o hindi maganda ang pakiramdam, ikaw ay dapat na magpahinga at umiwas sa pag-gamit ng mga makinarya o pagmamaneho. Kung tumagal ang iyong mga sintomas sa lampas sa isang linggo, makipag-ugnayan agad sa KEMH sa patawag sa numerong 28000 para humingi ng abiso.

9. Nabalitaan ko na ang bakuna ay maaaring magdulot ng pamumuo ng dugo sa mga taong may edad na labingwalo (18) hanggang dalawampu't siyam (29) na anyos; ang mga taong nasa pagitan ng edad na ito ay bibigyan ba ng ibang bakuna?

Karagdagan sa mga espekulasyon na lumabas sa midya kamakailan laman tungkol sa bakuna ng Oxford/AztraZeneca at ang posibleng koneksyon nito sa pamumuo ng dugo, kinumpirma ng *Medicines and Healthcare products Regulatory Authority (MHRA)* na ang bakuna ay ligtas, epektibo at nakapagligtas ng libo-libong buhay. Kinumpirma ng *Joint Committee on Vaccination and Immunisation (JCVI)* na nirerekomendang ialok ito sa mga taong may edad labingwalo (18) hanggang dalawampu't siyam (29) na anyos ng alternatibong bakuna kung may makukuha, gayunpaman, dahil sa layo ng lokasyon ng Falkland Islands, ang bakuna mula sa Oxford/AstraZeneca lamang ang nakukuha natin dito dahil sa mga pangangailangan sa temperatura at pag-iimbak ng mga ito.

Wala pa rin ebidensya na nakukuha na kung saan ang bakuna ay nagdudulot ng pamumuo ng dugo at ang mga benepisyo na bakunang ito ay malayong nakakahigit sa mga panagnib sa karamihan sa mga nakakatanda. Kinumpirma rin ng JCVI na ang lahat ng mga taong nakakuha na ng unang dosis ng bakuna mula sa Oxford/AstraZeneca ay dapat na tumanggap ng pangalawang dosis ng kaparehong brand, na hindi alintana ang edad, at ito ang magiging kalagayan dito sa Falkland Islands.

Ang pagbabakuna ay isa pa ring pinakamabisang paraan upang mapigilan ang malubha o nakamamatay na sakit, at upang maprotektahan rin ang buong komunidad, at ang Gobyerno ng Falkland Islands at patuloy na nakikipagtulungan kasama na ang pambansang mga kinatawan para sa kalusugan ng UK upang masiguro na tayo ay ganap na may kamalayan sa mga pinakabagong ebidensya at impormasyon.

10. Maaari bang mabakunahan ang mga babaeng buntis o mga bagong panganak?

Walang mga bakuna ang lisensyado para ibigay sa mga nagbubuntis kaya sinumang nasa sitwasyon na ito, kung sa tingin ng health care team ay nakikitang makikinabang sila sa bakunang ito, makikipag-usap sila sa mga indibidwal tungkol sa mga panganib at mga pakinabang nito sa mga nasabing kalagayan.

11. Paano naman ang mga taong hindi maaring mabakuhan dahil sa:

a) Takot sa bakuna

Sila ay bibigyan pa rin ng oportunidad na makatanggap ng bakuna at ang KEMH ay makikipagtulungan sa bawat isang indibidwal na makahanap ng magandang paraan upang maisagawa ang pagbabakuna.

b) Alerhiya sa mga sangkap ng bakuna

Ang mga pangalawang epekto sa bakuna ay bihira at ang mga madalas na naitalang mga pangyayari ay may kaugnayan sa pagbibigay ng bakuna mula sa Pfizer-Biontech. Walang naitalang contraindications sa pagbibigay ng bakuna mula sa Oxford/AstraZeneca, maliban na lamang sa reaksyong alerhiya sa mga sangkap na laman ng bakuna o sa pagbibigay ng mismong bakuna. Ibig sabihin nito na kahit na yung mga taong may dala-dalang EpiPen na nakararanas ng reaksyong anaphylactic ay ligtas na makatanggap ng bakuna mula sa Oxford/AstraZeneca.

c) Mga taong may kondisyong medikal

Bagaman ang bakuna ng Oxford/AstraZeneca ay isang buhay na virus, hindi ito dumadami, kaya't kahit na yaong nasa gamutang *immunosuppression* ay maaaring ligtas na makatanggap ng bakuna.

d) Personal na paniniwala

Dahil ang bakuna ay hindi sapilitan, kung ang ibang tao ay may personal na paniniwala na nagbabawal sa kanila na kumuha ng bakuna, tulad ng paniniwala sa relihiyon, ito ay kanilang desisyon. Walang sangkap sa bakuna na lumalabag sa kahit anong pangunahing grupong panrelihiyon, tulad ng Islam o Judaismo.

12. *Animal-friendly* ba ang bakunang ito? i.e. pwede ba ito sa mga *vegetarians* at *vegans*?

Naglabas ng pahayag ang UK Vegan Society sa pagtalakay sa isyung ito: "Hindi pa naging lubos na mahalaga para sa amin na pag-usapan ang kahulugan ng *veganism* sa konteksto ng mga paggagamot, kasama na dito ang mga bakuna. Batid ng kahulugan ng *veganism* na hindi palaging

posible o praktikal na iwasan itong gamitin sa mga hayop, na partikular na mahalaga sa sitwasyon ng medisina. Sa kaso ng Covid-19, mahalaga ang papel na gagampanan ng bakuna sa pagsugpo sa pandemya at pagliligtas ng buhay. Bagaman ang lahat ng kasalukuyang mga bakuna ay sinusubukan sa mga hayop, imposible pa sa puntong ito na ginawa ang bakuna ng hindi sinusubukan sa mga hayop.

13. Makukuha ko ba ang Covid-19 mula sa bakuna?

Walang pagkakataon na ikaw ay magkaroon ng Covid-19 dahil ang virus sa loob ng bakuna ay hindi aktibong dumadami. Habang ikaw ay maaaring magkaroon ng mahinang pangalawang epekto o side effects, na may kahalintulad sa mga sintomas ng Covid-19, ito ay isang pagtugon lamang ng iyong katawan sa bakuna at hindi indikasyon na ikaw ay may Covid-19. Sa kahit anong uri ng “sintomas na may kahalintulad sa trankaso”, at kung maranasan mo ito ng higit sa isang linggo, ikaw ay dapat na tumawag sa KEMH sa numerong 28000 para humingi ng abiso.

14. Maaari ba akong magpabakuna kung hindi maganda ang aking pakiramdam?

Mainam na maghintay ka hanggang sa ikaw ay tuluyang gumaling, ngunit kailangan mo pa ring makuha ang bakuna sa lalong madaling panahon. Kung hindi maganda ang iyong pakiramdam sa araw na ikaw ay magpabakuna, ikaw ay dapat na tumawag sa KEMH sa numerong 28000 para humingi ng abiso.

15. Gagana ba ang bakuna kung patuloy na mag-mutate ang coronavirus?

Ang bawat virus ay nagbabago o nag-mumutate, parte ito na kanilang *life-cycle*. Sa kaso ng Covid-19, ang mga mediko siyentista ay naniniwala na ang mga mga pagbabago na nakita sa buong mundo ay hindi sapat ang pagbabago mula sa orihinal na *strain* para gawing hindi maging epektibo ang bakuna ng coronavirus. Bagaman patuloy na nagkakaroon ng mga klinikal na pag-aaral tungkol sa mga bagong *strains* ng virus, ang indikasyon na ang kasalukuyang mga bakuna ay magpoprotekta sa mga tao laban sa orihinal na uri o *strain* at pati na rin sa mga bagong *mutation*.

16. Paano naman ang pagbabagong genetiko?

Ang bakuna ng Oxford-AstraZeneca hindi isang uri ng mRNA na bakuna at ito ay base sa magkaibang teknolohiya na ginamit ng mga bakunang Pfizer/Biotech at Moderna, na mga uri ng mRNA na bakuna – na nangangahulugang *messenger RNA*. Ang RNA ay may kahalintulad sa DNA, ngunit ang paepl nito ay sabihin sa mga *human cells* na gumawa ng *coronavirus spike proteins* para paganahin ang *immune system* at protektahan tayo laban sa impeksiyon. Hindi mababago ng RNA ang DNA.

Sino ang babakunahan at kailan?

17. Paano at ano ang pagkakasunud-sunod ng mga taong babakunahan?

Gagamitin naming ang *tier-based system* ng *Joint Committee on Vaccination and Immunisation* (JCVI) para matukoy ang prayoridad ng mga grupo sa ating populasyon. Ang JCVI ay komite ng mga malaya at ekspertong tagapagpayo na nag-aabiso sa mga kawani ng kalusugan sa UK sa pagbabakuna at gumagawa ng mga rekomendasyon base sa mga ebidensya nakalap para mabuo ang iskedyl ng bakuna at kaligtasan. Ang pagkakasunud-sunod base sa prayoridad ay ang mga sumusunod:

1. Mga residente na nasa *care home* para sa mga nakatatandang tao at kanilang mga tagapangalaga
2. Lahat ng may edad 80 anyos pataas; at mga nagtatrabaho sa *health and social care*
3. Lahat ng may edad 75 anyos pataas
4. Lahat ng may edad 70 anyos pataas; at mga nasa listahan ng higit na nanganganib
5. Lahat ng may edad 65 anyos pataas
6. Lahat ng mga indibidwal na may edad 16 anyos hanggang 64 anyos na nasa listahan ng katamtamang panganib
7. Lahat ng may edad 60 anyos pataas
8. Lahat ng may edad 55 anyos pataas
9. Lahat ng may edad 50 anyos pataas

Naniniwala kami na sa unang pagkakataon ay makakatanggap tayo ng sapat na dami ng dosis upang ganap na mabakunahan ang lahat na napapabilang sa siyam (9) na kategorya, na may dalawang bakuna, na naibigay sa pagitan ng dalawampu't walong (28) at labingdalawang (12) linggo – ito ang unang yugto ng ating programa.

18. Mababakunahan ba ang lahat?

Hindi natin babakunahan ang sinumang nasa edad na labingwalo (18) pababa, dahil sa medikong ebidensya na nagpapakita na ang mga bata ay kadalasang nakakaranas lamang ng asintomatiko o mahinang sintomas ng virus. Pagkatanggap natin ng pangatlong batch ng mga bakuna noong ika-26 ng Marso, atin nang nabakunahan ang karamihan sa ating nakatatandang populasyon.

19. Mababakunahan niyo ba ang BFSAI?

Oo, dahil ito ay praktikal na paraan sa pagaasikaso sa mga bakuna, sa kadahilanang tayo ay naninirahan ng malapitan kasama ang military. Gagamitin natin ang listahan ng prayoridad mula sa JCVI upang matuloy kung sino ang unang tatanggap ng kanilang bakuna sa unang yugto ng programa at kung sino ang tatanggap ng kanilang bakuna sa pangalawang yugto ng programa. Kung maaari, tayo ay magtatago ng extrang bakuna bilang reserba para maisagawa ang patuloy na programa sa pagbabakuna para sa mga bagong tao na darating dito sa Falkland Islands, kung sila ay hindi pa nakakatanggap ng bakuna sa kanilang pinanggalingan.

20. Paano paiiralin ang programa sa pagbabakuna?

Ang karamihan sa mga bakuna ay isasagawa sa FIDF Hall sa Stanley dahil sa naninirahan dito ang karamihan sa populasyon. Dahil sa kasamang *logistics* o paggalaw sa pagbibigay ng malawakang programa sa pagbabakuna, ang mga tao sa East Falkland ay inaasahang bumiyahen sa Stanley para sa kanilang bakuna. Para West Falkland at sa Outer Islands, magkakaroon tayo ng sistemang “*travelling vaccination*”, na katulad sa paraan upang ilipat ang mga balota tuwing halalan. Ang plano ay isagawa ang programa sa loob ng isang linggo para mabigyan ang bawat na karapat-dapat na tao na kanilang unang dosis at maulit ang prosesong ito sa pangalawang dosis, lima (5) hanggang anim (6) na linggo pagkalipas ng unang dosis. Kailangan natin ang kakayahang umangkop upang masiguro na mabakunahan ang halos lahat ng tao sa loob ng limang araw. Ang mga plano sa pagbibigay ng bakuna ay ipapaalam sa publiko, mula sa gobyerno, sa pamamagitan ng lokal na midya. Kung kinakailangan ng espesyal na pagsasaayos para sa indibidwal, ang mga tao ay isa-isang tatawagan ng KEMH.

Pagtanggap sa iyong bakuna...

21. Paano isasagawa ang pagbabakuna?

Kadalasan itong isinasagawa sa pamamagitan ng injection sa kalamnan ng iyong braso sa bandang itaas, kung hindi maaari para sa isang tao na mabakunahan sa nasabing lugar ng katawan dahil sa mga rason na mediko, posible silang bakunahan sa puwitan o bandang itaas ng kanilang hita.

22. Makakapili baa ko kung saang braso ko gustong iturok ito at kung maaari ko bang makuha ang unang dosis sa isang braso at ang pangalawa ay sa kabila?

Kung ikaw ay may sapat na kalamnan o muscle, maaari kang pumili kung saang braso mo gustong mabakunahan at maaari kang pumili na maturuan sa magkaibang braso kung ito ang iyong nais.

23. Maaari ba akong pumili kung saan ko gustong mabakunahan sa kahit saang parte ng aking katawan?

Hindi ito maaari. Karamihan sa mga taong tatanggap ng bakuna at matuturuan sa pamamagitan ng injection sa kalamnan ng kanilang braso sa bandang balikat. Sa mga pagkakataon na hindi ito maaaring gawin, ang alternatibong lugar ay aalamin ng mga *healthcare professionals* at hindi ng indibidwal na pasyente. Ito ay dahil kailangan nating masiguro ang kagalingan ng bakuna at mabawasan ang maaaring pangalawang epekto o reaksyon dito – na parehong bibigyan ng desisyong klinikal.

24. Kung pareho naming nakuha ang dalawang dosis, mangangailangan ba kami ng *boosters* sa hinaharap?

Hindi pa natin alam ang mga epekto ng bakuna sa mga tuntunin na kung gaano ito katagal na magiging epektibo dahil saw ala pa tayong datos dito. Ang bisa ng kaligtasan sa sakit ay pagaaralang mabuti ng mga siyentista sa mga susunod na buwan upang maitatag ang mga planong pangmatagalang sa pagusad sa pandemya.

25. Maaari ba akong mabakunahan kung ako sa nasa *quarantine* o nasa *self-isolation*?

Oo, ito ay maaari. May tala ang KEMH ng mga taong nasa *quarantine* o nasa *self-isolation*. Maaaring kami ay magdesisyon na ipagpaliban ang iyong pagbabakuna hanggang sa makumpleto mo ang *quarantine* o *self-isolation*, ngunit sa kahit anong paraan ay hindi mo malilibanan ang programa sa pagbabakuna.

26. May papeles ba ako na dadalhin kung gagawin ko ang aking bakuna?

Hindi, ngunit huwag mong kalimutan na dalhin ang iyong salamin sa mata kung ito ay iyong kailangan, dahil ikaw ay kukumpleto ng isang *consent form* bago ka bigyan ng bakuna. Ang papeles na ito ay dapat makumpleto sa mismong araw at bago mo matanggap ang iyong bakuna.

27. Ano ang mangyayari pagkatapos ng aking bakuna?

Pagkatapos mabigyan ng bakuna, ikaw ay oobserbahan sa loob ng kinse (15) minutos upang masiguro na ang nabakunahan ay hindi nakakaranas ng malubhang pangalawang epekto o *side effects*. May miyembro ng kawani na magsasabi sa iyo kung ikaw ay maaari nang umalis.

28. Ano ang mangyayari kung maging hindi maganda ang aking pakiramdam pagkatapos ng bakuna?

Karamihan sa mga tao ay makararanas ng mga pangalawang epekto o side effects ng bakuna tulad ng pananakit / pamumula / pamamaga / panlalambot sa lugar ng pinagbakunahan. Ang ibang tao ay maaaring makararanas ng mahinang sintomas na may kahalintulad sa trankaso, na may kasamang lagnat, pagkapagod, pananakit ng ulo, pananakit ng kasu-kasuan o panlalamig ng katawan. Kung nararamdaman mong ikaw ay pagod o hindi maganda ang pakiramdam, ikaw ay dapat na magpahinga at umiwas sa pag-gamit ng mga makinarya o pagmamaneho. Kung tumagal ang iyong mga sintomas sa lampas sa isang linggo, makipag-ugnayan agad sa KEMH sa patawag sa numerong 28000 para humingi ng abiso.

29. Ano ang mangyayari kung ako ay nakakuha ng unang dosis at kailangang umalis ng isla?

Kung kailangan mong umalis sa isla, makipagunayan sa KEMH at ipaalam sa kanila ang iyong mga plano sa pagbibiyahang upang makabuo sila ng pinakamainam na solusyon sa pagbibigay ng parehong dosis ng iyong bakuna sa angkop na haba ng panahon.

Pagpapanatili ng kaligtasan ng komunidad mula sa Covid-19...

30. Maipapasa ko ba ang virus kahit ako ay nabakunahan na?

Hindi pa rin malinaw ang medikong ebidensya ukol dito. Karamihan sa mga bakuna ay nakakabawas ng pangkalahatang panganib ng impeksyon, ngunit ang mga nabakunahang tao ay maaaring makakuha ng mahinang klase ng sakit at makapagpasa ng virus sa iba.

31. Ang mga taong nabakunahan ba ay hindi na kailangan ng *quarantine*?

Mali, hindi ito ang kasalukuyang polisiya at nangangailangan ito ng desisyong pulitikal kung sakaling ito ay ipakilala. May sistemang inilagay ang gobyerno upang regular na masuri ang mga protokol sa Covid-19 upang masiguro na sila ay angkop pa rin para sa pampublikong kalusugan; kasama dito ang pagbabantay sa mga pinakabagong ebidensya at para malaman kung ano ang mga pagbabago sa mga kasalukuyang kaayusan ang kinakailangan.

32. Sapilitan ba ang pagbabakuna?

Hindi, walang batas ang nagsasaad na gawing sapilitan ang bakuna sa Covid-19. Ang mga kasalukuyang tuntunin ay nagbibigay ng kapangyarihan sa gobyerno upang iwasan, ma-kontrol, at mapagaan ang pagkalat ng impeksiyon o kontaminasyon, ngunit mariing hindi nagpipilit sa isang tao na sumailalim sa isang gamutang medical, kasama na ang pagbabakuna.

33. Bakit hindi sapilitan ang pagbabakuna?

Mariin na hinihimok ng gobyerno ang mga tao na magpabakuna, ngunit hindi ito sapilitan. Unang-una, may mga tao na hindi pa rin makakatanggap ng bakuna. Pangalawa, tulad ng sa swabbing, isang hindi komportableng gawain ang bakuna at walang gobyerno sa buong mundo ang naglabas ng batas upang gawin itong sapilitan. Nais naming ibigay sa mga tao ang kanilang pansariling desisyon tungkol sa kanilang kalusugan, sa halip na ang gobyerno ang magsagawa ng mga tuntunin tungkol sa kanilang pampribado at personal na mga kalayaan.

34. Sisimulan niyo ba ang programa sa pagbabakuna isang araw pagkatapos dumating ng mga bakuna, kung hindi, bakit?

Ihahatid ang mga bakuna sa Falkland Islands sa pamamagitan ng South Atlantic Airbridge at, sa kaalaman ng lahat ng tao, may posibilidad na magambala ang mga paparating na biyaheng

eroplano. Nais naming mabawasan ang posibilidad ng pagkagambala na idudulot nito, kaya naman pinaplano namin na isagawa ang programa sa bakuna isang linggo pagkatapos naming malaman na ligtas na nakarating sa isla ang mga bakuna. Upang masiguro na mabakunahan ang lahat sa unang yugto ng programa, kakailanganin naming ipagpaliban ang mga *outpatient clinics* sa linggong iyon, upang mabigyan namin ang aming mga sarili ng sapat na panahon, ibig sabihin din nito ay hindi namin kakanselahin ang mga appointment ng pasyente na basta basta lamang.

35. Ilang tao ang kailangang mabakunahan sa Falkland Islands upang maabot ang *herd immunity*?

Kailangang mabakunahan ang humigit-kumulang pitumpung porsyento (70%) ng dami ng tao upang maabot ang tinatawag na *herd immunity*. Gayunpaman, dahil sa babakunahan lamang natin ang nakatatandang populasyon, ibig sabihin nito ay kailangang mabakunahan ang humigit-kumulang siyamnapung porsyento (90%) ng mga matatanda para maabot ang *herd immunity*.

36. Bakit natin kailangan ang *herd immunity* at ano ang mangyayari kung wala tayo nito?

Nakasalalay sa bakuna ang *herd immunity*, dahil kung wala ang mga bakuna ang isang paraan para maging *immune* ay magkaroon ng sakit o impeksyon. Hindi lahat ay makakatanggap ng bakuna, kaya naman umaasa tayo sa karamihan sa ating populasyon na mabakunahan upang maprotektahan ang mga higit na nanganganib.

37. May bayad ba na kasama ang bakuna?

Ang bakuna ay ibinibigay ng walang bayad mula sa gobyerno ng UK. Maaaring may mga gastos sa paglilipat at pinagkukunan na kasama sa kabuuang programa para sa pagbabakuna, upang maisagawa ito ng maayos sa buong Falkland Islands, ngunit ito ay sasaluhin ng kasalakuyang pondo para sa Covid-19 na inilaan ng FIG.

38. Magbibigay ba ang FIG sa lahat ng tao ng isang dokumento na nagsasabing sila ay nabakunahan para meron silang ebidensya upang maka-byahe / mag-aral / magtrabaho sa ibang bansa?

Ang lahat ay makakatanggap ng isang card, kasunod ng kanilang pangalawang dosis, na nagsasabi na sila ay kumpletong nabakunahan na. Depende sa kung saan ka bibiyahe, maaaring ikaw ay kinakailangan pang magbigay ng karagdagang ebidensya, kaya pakiusap na tingnan ng mabuti ang mga pangangailangan bago pumasok sa isang bansa na iyong pupuntahan.

39. Ire-require ba natin ang mga taong papasok sa Falkland Islands na magbigay ng pruwera na sila ay nabakunahan na? Halimbawa, mga contractors na kasalakuyang nangangailangan na magbigay ng patunay na sila ay nabakunahan na.

Hindi ito ang kasalakuyang polisiya at nangangailangan ito ng desisyong pulitikal kung sakaling ito ay ipakilala. May sistemang inilagay ang gobyerno upang regular na masuri ang mga protokol sa Covid-19 upang masiguro na sila ay angkop pa rin para sa pampublikong kalusugan; kasama dito ang pagbabantay sa mga pinakabagong ebidensya at para malaman kung ano ang mga pagbabago sa mga kasalakuyang kaayusan ang kinakailangan. Importante na dapat nating tandaan na ang bawat bansa ay kailangang bakunahan ang kanilang mga tao at para sa mga bansang may malalaking populasyon, matatagalan pa bago nila mabakunahan ang mga taong nangangailangan nito.

40. Magbibigay ba ang Gobyerno ng Falkland Islands ng mga bakuna para sa mga taong papasok sa isla na hindi pa nababakunahan – halimbawa: mga turista, *seasonal workers*, (tulad ng mga mangingisda)?

Ang ating unang prayoridad ay maprotektahan ang buong komunidad ng Falkland Islands at gagamitin natin ang unang dalawang batches ng bakuna na una nang naipangako para magawa ito. Mangyaring magkaroon tayo ng sobrang mga bakuna o malaman natin na maaari pa tayong magkaroon ng karagdagang bakuna, ito ay maaring maging paksa para ito ikunsidera ng mga namamahala.

41. Nais kong makuha ang bakuna ngunit nag-aalala ako na hindi ako payagan ng aking employer na lumiban sa trabaho.

Hihingin ng Gobyerno ng Falkland Islands sa mga lokal na negosyo na siguruhing ang mga trabahador ay mabigyan ng *time off* sa trabaho upang makuha ang kanilang mga bakuna. Gagawin ito sa pamamagitan ng Chamber of Commerce pati na rin sa nakasanayang *communications channels* ng gobyerno at sa *media*.

42. Ang mga estudyanteng nag-aaral sa ibang bansa ay makakatanggap ba ng kanilang bakuna sa UK?

Katulad ng sa ibang bansa, determinado ang UK sa kung sino ang makatanggap ng bakuna base sa pangangailangang medikal. Sa kaso ng mga estudyante, sa sinumang nasa edad na 18 pababa ay malabong i-require sila na magpabakuna, dahil sa ebidensyang medikal na nagpapakita na ang mga bata ay kadalasang nakakaranas lamang ng asintomatiko o mahinang sintomas ng virus. Aming itinatagubilin sa sinumang nakatira sa UK sa pangmatagalan o mahabang panahon na siguruhing sila ay naka-rehistro sa kanilang lokal na GP, at ito ay magsisiguro na sila ay ipatawag para sa bakuna (kung kailangan) sa tamang oras at sa iskedyul na itinalaga ng *JCVI vaccinations priority schedule*.

43. Oras na mabakunahan na ang lahat, babalik na bas a normal ang pamumuhay sa Falkland Islands? E.g. pagbabalik ng komersyal na paglipad o *airlinks*, magkakaroon na ba tayo ng mga bisita mula sa ibang bansa ngayong taon, at iba pa?

Ang pagbabakuna sa buong komunidad ay isang malaking hakbang upang maprotektahan natin ang ating mga sarili sa panganib na dulot ng Covid-19. Gayunpaman, marami pa rin tayong mga bagay na dapat isaalang-alang bago natin ibalik ang ating mga nakasanayang mga gawain, kasama na rin kung papaano magpapatuloy ang epekto ng pandemya sa ibang bansa. Magsasagawa ng isangistratehiya ang ating gobeyrno para masimulan muli ang mga aktibidad na kasalukuyang suspendido, ngunit isasaalang-alang pa rin ang maraming mga salik o dahilan, hindi lang kung nabakunahan na ang lahat ng tao dito o hindi pa.